Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng kaantasan ng pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uri na may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

1. PH Ang pangkat ni Ramon ay mas mabilis magtrabaho kaysa sa pangkat ni Gary.
2. L Ang larawan na gawa nina Paul at Sheena ay makulay.
3. PS Sino ang nakakuha ng pinakamaraming tamang sagot?
4. PS Ubod ng linis ang bahay ni Ate Dina!
5. PH Ang mga gulay at prutas sa tindahan ko ay mas sariwa kaysa sa palengke.
6. PS Ang kalahok na mananalo sa paligsahan na ito ay napakasuwerte!
7. L May kilala ka bang mananahi na mahusay?
8. PH Higit na malayo ang bayan ng San Andres kaysa Santo Tomas.
9. PS Ang Bulkang Mayon ang pinakaaktibong bulkan sa Pilipinas.
10. L Mapayapa ang buhay ng mag-anak sa bago nilang tirahan.
11. PH Alin sa dalawang sasakyan na ito ang mas matulin?
12. L Mahigpit na ipinasusunod ang mga tuntunin ng paaralan.
13. PS Lumipas ang napakatagal na panahon bago sumang-ayon sa plano ang pinuno.
14. PH Ang bunsong anak ko ay kasimbata ng panganay mo.
15. PS Si Kuya Nilo ang pinakaabala sa amin tuwing malapit na ang Pasko.
16. L Nakahiga ang sanggol sa malaking kuna.
17. PH Labis na matamis ang leche flan kaysa keyk.
18. PS Malinaw na malinaw ang leksiyon ni Ginang Soriano kahapon.
19. PH Ang pagkain dito ay di-gaanong masarap tulad ng pagkain sa bahay.
20. L Si Marco ang piliin mo dahil malakas ang boses niya.